7

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Ikatlong Markahan – Modyul 2:

## Kaugnayan ng Pagpapahalaga at Birtud



ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

CO_Q3_ESP 7_Module 2

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Edukasyon sa Pagpapakatao- 7**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikatlong Markahan- Modyul 2: Kaugnayan ng Pagpapahalaga at Birtud**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Mga Manunulat:** Dingson R. Lego

**Language Editor:** Florenil M. Malabayabas

**Tagasuri:** Annabelle M. Marmol, Mariam B. Rivamonte, Nestor T. Rualo

**Tagaguhit:** Ulysis J. Galloniga

**Tagalapat:** Dingson R. Lego, Jefferson R. Repizo

**Tagapamahala:** Benjamin D. Paragas, Mariflor B. Musa, Freddie Rey R. Ramirez, Danilo C. Padilla, Annabelle M. Marmol, Lany M. Semilla, Mariam B. Rivamonte, Nestor T. Rualo

**Inilimbag sa Pilipinas ng ________________________**

**Department of Education – MIMAROPA Region**
Office Address: Meralco Ave., cor. St. Paul Road, Pasig, City
Telefax: 02-8631-4070
E-mail Address: mimaropa.region@deped.gov.ph

# 7

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Ikatlong Markahan – Modyul 2: Kaugnayan ng Pagpapahalaga at Birtud

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anomang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

# Aralin 2

# Kaugnayan ng Pagpapahalaga at Birtud




## *Alamin*

Ang patuloy na pagpapahalaga at pagpapalawig ng birtud na naaayon sa mga gawi na dapat mong linangin ay isang pagpapatunay na yumayabong ang kabutihang taglay na dapat mayroon ang isang tao. Ang kabutihang asal at ang kagandahang-loob ang siyang sukatan ng katiyakan na lahat ng indibiduwal ay may kani-kaniyang gawing taglay. Maging ang pinakamasamang tao ay may taglay ring kabutihan, gaano man kabigat ang kaniyang kasalanang nagawa. Tao tayong nilalang ng Diyos na kaniyang kawangis. At bilang anak ng Diyos, nararapat na gawin natin kung ano ang nararapat at naaayon sa Kaniyang kalooban, upang maging ganap at kasiya-siya ang ating pamumuhay sa lipunang ating ginagalawan.

Sa modyul na ito, inaasahang maipamamalas mo ang sumusunod na kaalaman, kakayahan, at pag-unawa:

a. Napatutunayan na ang paulit-ulit na pagsasabuhay ng mga mabuting gawi batay sa mga moral na pagpapahalaga ay patungo sa paghubog ng mga birtud (acquired virtues).

b. Naisasagawa ang pagsasabuhay ng mga pagpapahalaga at birtud na magpapaunlad ng kaniyang buhay bilang nagdadalaga/ nagbibinata.



## *Subukin*

**Panuto:** Sagutin ang bawat pangungusap. Piliin ang letra ng tamang sagot at isulat sa iyong sagutang papel.

1. Ang sumusunod ay katangian ng isang taong nagsasabuhay ng gawi MALIBAN sa________________.

   A. Nahihiyang gawin ang anomang pinaniniwalaan niyang tama
   B. May mataas na pagpapahalaga sa pangangalaga sa sariling kapakanan at paninindigan
   C. May tiwalang ibahagi sa ibang tao ang kaniyang paniniwala na maaaring maging daan upang makahimok ng iba.
   D. Bukas at tapat sa pagbabahagi ng kaniyang mga binabalak, ninanais at mga bagay na nagtutulak sa kaniya upang gawin ang isang bagay

2. Ang sumusunod ay pamamaraan upang mahubog ang disiplinang pansarili at maisabuhay ang patuloy na pagsasagawa ng mabuting gawi o asal MALIBAN sa__________________.

   A. Paggamit ng kalayaan ng walang kaakibat na responsibilidad/pananagutan
   B. Maging mapanagutan sa lahat ng kilos
   C. Tanggapin ang kinahihinatnan ng pasiya at kilos
   D. Magsikap na mag-isip at magpasiya nang makatuwiran

3. Masasabi lamang na naisagawa ang tunay na kahalagahan ng mabuting gawi kung:
   A. Nakilala ang tama at mali at ibinabatay ang panghusga sa mga prinsipyong etikal
   B. Sinusunod ng tao ang kaniyang likas na kakayahang gawin ang tama at iwasan ang masama
   C. A at B
   D. Wala sa nabanggit

4. Anong kakayahan ang mapalalakas kung mahuhubog mula sa pagkabata ang kakayahang maipakita at maisabuhay ang tamang gawi? Ito ay ang pagbuo ng ______________________.
   A. moral na paghuhusga base sa napakingan
   B. mabuting kalooban
   C. tamang pagpapasya
   D. pabago-bagong paghuhusga

5. Ang kalayaan ng tao ay laging may kakambal na_______.
   A. katarungan C. maingat na paghuhusga
   B. responsibilidad D. lahat ng nabanggit

6. Para sa edukasyon ang paghubog ng konsensiya ng isang bata ay isang mahalagang bahaging maaaring gampanan ng mga magulang at ng mga guro. Ang sumusunod ay ang mga tungkulin na maaari nilang gampanan para sa mga mag-aaral MALIBAN sa___________________.

   A. maiparamdam sa mga bata ang paggalang sa kanilang pagiging tao
   B. maging bukas sa pagtanggap sa kanilang kabuoan, sinoman sila
   C. matulungan ang isang bata upang masuri ang lahat ng bagay na kanilang ginagawa, ninanais o hinahangad
   D. maging kritikal sa pagtingin sa kanilang mga pagkakamali at tiyaking ituturo sa kanila ang paraan upang ito ay maitama

7. Kulang ang baon ng iyong kamag-aral at nakita mong siya ay nahihiya sa mga kaklase ninyo kung kaya't nagiging dahilan ito ng kaniyang di pakikiisa sa inyong talakayan. Sa paanong paraan mo matutulungan ang iyong kamag-aral?

   A. Sasabihin sa guro
   B. Hahayaan na lamang
   C. Hihikayating makilahok sa klase
   D. Hindi papansinin

8. Lingid sa kaalaman ng iyong magulang ikaw ay bumagsak sa iyong pagsusulit. Labis itong nagdudulot ng kalituhan sa iyong isipan kung sasabihin mo ito sa kanila. Subalit sa huli ay nagdesisyon kang sabihin ito sa kanila. Ano ang aspekto ng iyong pagkatao ang umiral?

   A. Birtud
   B. Moral
   C. Konsensya
   D. Pagpapahalaga



# Balikan

**Panuto:** Basahing mabuti ang sitwasyon. Itala sa tsart ang tinataglay na birtud at pagpapahalaga ng pangunahing tauhan sa kuwento. Gawin ito sa iyong sagutang-papel.

*Lumaki sa isang mahirap na pamilya si Martin, ang kaniyang ina ay labandera at ang kaniyang ama ay isang tubero na walang regular na kita. Sa kabila ng lahat ng ito, nagsikap at nagtagumpay na maging isang ganap na Abogado. Labis ang naging pagsisikap ni Martin na makapagtapos ng pag-aaral dahil sa kagustuhan niyang maiangat mula sa kahirapan ang kaniyang pamilya, anupa't naging isang ganap na abogado siya. Nakapagpatayo siya ng bahay para sa pamilya at siya na rin ang nagpapaaral sa mga nakababatang kapatid. Bagamat matagumpay na bilang isang abogado, hindi niya nakalilimutang tumulong sa kaniyang kapuwa sa pamamagitan ng pagsali niya sa mga organisasyon ng kapuwa abogado na naglalayong magbigay ng libreng serbisyo sa mga mahihirap na mamamayan.*

| Birtud | Pagpapahalaga |
|---|---|
| 1. | 1. |
| 2. | 2. |
| 3 | 3. |

## *Tuklasin*

Paano ba isinasabuhay ng isang tao ang kaniyang mga pagpapahalaga? Ano ang nag-uudyok sa kaniya upang gawin ang isang pasiya at kilos tungo sa pagsasabuhay ng mga pagpapahalagang ito?

**Panuto:** Pag-aralan ang sumusunod na sitwasyon at tuklasin ang pagkakaiba ng kilos ng mga tauhan at ang dahilan nito. Isulat ang sagot sa iyong sagutang-papel.

**Sitwasyon 1**

Nagbigay ng isang laruang galing ibang bansa ang Tita ni Marina kay Ana bilang regalo dahil siya ay isang mabuting bata. Napansin ni Maria na kapatid ni Ana ang ginawa ng kaniyang Tita Marina, kung kaya't pinagbuti niya ang kaniyang pag-aaral upang mabigyan ng laruang katulad ng kay Marina

REAiKSYON KO:

Reaksiyon ko:

____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________

**Sitwasyon 2**

Si Mario ay isang mag-aaral na laging nag-iisa lamang kung kaya’t lagi siyang pinagtatawanan ng kaniyang mga kamag-aral. Dumating sa puntong napuno na si Mario dahil sa mga panlalait sa kaniya ng kaniyang mga kamag-aaral. Natuto siyang lumaban at makipagbasag-ulo sanhi ng mga naranasang panlalait.

Reaksiyon Ko:

____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________

**Sitwasyon 3**

Nangopya sa pagsusulit si Berto sa kaniyang kaklase na si Joven sapagkat hindi siya nag-aral ng kaniyang mga aralin. Mas pinili pa niyang maglaro ng Mobile Legends. Nang mabatid ito ni Berto ay nagtangka ito na magsusumbong sa kaniyang guro ngunit sinita ito ni Joven at sinabi na susuntukin siya kung magsusumbong siya sa kanilang guro.

Reaksiyon Ko:

______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

Gabay na tanong:


1. Anong mga pagpapahalaga ang naipakita sa bawat sitwasyon?
   Sitwasyon 1
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   Sitwasyon 2
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________

   Sitwasyon 3
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________

2. Alin sa mga tauhan sa nasabing mga sitwasyon ang nakagawa ng pasiya at naisakilos ang pagpapahalaga? Ipaliwanag ang iyong sagot.

3. Paano mo maisasabuhay ang tamang pagpapahalaga para maitama ang mga nakasanayan mong maling gawi bilang isang kabataan?

4. Ano ang dapat gawin ng isang kabataang tulad mo upang makagawa ng tamang pasiya at kilos tungo sa pagsasabuhay ng iyong pagpapahalaga?



## *Suriin*

Ang pagpapahalaga at birtud ang nagbibigay-katuturan sa ating buhay, maging ng ating tunay na pagkatao, hindi ang anomang nais ng taong makamit sa kaniyang sarili. Bagamat magkaiba subalit magkakaugnay ang pagpapahalaga at birtud. Tunay na dapat nating isabuhay ang pagpapahalaga upang mas maging mabuting kabahagi ng ating lipunan. (Halaw sa Edukasyon sa Pagpapakatao, Kagamitan ng Mag-aaral Ikalawang Bahagi, Unang Edisyon, 2012)

Madalas nating nakalilimutan na kung paano magpakatao sanhi ng iba't ibang salik tulad ng pagkamakasarili, pagkamuhi, pagkainis, pagkapoot at inggit sa ibang tao. Bunsod nito, nakagagawa tayo ng mga aksiyong hindi tama na nagbubunga ng hindi maganda sa ating sarili maging sa ibang tao. Nararapat na malinang nang tama ang karapat-dapat na ugali ng isang tao, magpakabuti, ang inggit at poot buhayin ang pusong may malalim na pag-unawa at pagmamahal na siyang kailangan ng ating lipunan sa kasalukuyan.

Sa mundong puno ng karahasan at kaguluhan at makabagong gawi ng pamumuhay sanhi ng makabagong teknolohiya at globalisasyon, nagbabago ang pananaw ng isang tao. Isang hamon para sa mga kabataan kung paano magiging isang mabuting tao sa kabila ng mabilisang pagbabago sa ating lipunan.

Isang hamon ito lalo na sa mga nagdadalaga at nagbibinata kung paano mahuhubog nang tama ang birtud batay sa mga pinahahalagahan sa buhay. Marapat na alamin ang higit na mabuti at bantayan ang gawi buhat sa pagbababagong nagaganap sa sarili. Maging isang responsable at kapaki-pakinabang na kabahagi ng lipunan na siyang huhubog sa hinaharap at hindi nagpapadala sa tukso ng *social media* o anomang mapanuksong gawain sa kasalukuyan. Laging pakaisipin na sa bawat desisyon o aksiyong gagawin, may taong nakatingin na magiging saksi sa ating kapalaran.

Dahil ang pagpapahalaga ang nagbibigay ng kabuluhan o kalidad ng buhay ng tao. Ang birtud ay kailangan ng tao upang makagawa ng mabuting kilos upang maisakatuparan ang pinahahalagahan. Ang moral na gawi ay nakapagbibigay ng tiyak na layunin upang maging isang mabuti kang tao. Natutuhan ng tao na magtimpi sa mga udyok o tukso na naging daan sa pagiging isang mabuting tao. Kaalinsabay nito, maging maingat sa paghusga ng dapat at hindi dapat gawin upang masiguro ang matagumpay na paglinang ng karunungan.

Halimbawa, pinapahalagahan ni Dina ang paghihirap ng kaniyang mga magulang na siya ay mapag-aral. Dahil dito, siya ay nagsusumikap na makapagtapos upang maging makabuluhan ang sakripisyo na ibinigay ng kaniyang magulang Sa pagharap sa hamon na ito, hindi maiiwasan na makaranas siya ng ilang mga paghihirap bilang unos sa kaniyang mga pangarap. Nariyan ang ilang araw ng pagpupuyat sa pagbababalik - tanaw sa aralin para sa pagsusulit, paggawa ng mga proyekto, problemang pinansiyal, mga isyung kinasasangkutan ng pagdadalaga, gawain na iminumulat ng kaniyang mga kaklase, maging pagbalanse ng oras sa pag-aaral at gawaing personal na maaaring maging balakid upang hindi niya mapagtagumpayan ang pangarap na pagtatapos ng pag-aaral. Ngunit sa pagsusumikap, pag-iwas sa mga bisyo, pagiging matatag at paghawak sa pangarap maaari niyang malampasan ang mga balakid. Matututuhan niyang iwasan ang mga tukso sa buhay na magpapalayo sa pagkamit ng kaniyang pinahahalagahan. Mas magiging maingat si Dina kung paano niya bibigyang-pasiya ang mga kinakaharap na sitwasyon na kasama bilang hamon.

Nagtatrabaho sa isang kompanya si RJ bilang dyanitor. Hangad niya sa buhay na mapalago ang kaniyang kabuhayan. Dahil dito, pinagtiyagaan niya ng ilang mga taon ang pinakamababang posisyon sa kompanya bago niya narating ang pagiging manager doon. Natutuhan niyang gawin ang mga gawain ng posisyon na ibinigay sa kaniya at nagpakita ng pagiging produktibo upang mapansin siya ng boss ng kompanya. Sa pagiging responsable, masipag, may dedikasyon at positibong gawi ay napagtagumpayan niyang maitaas ang kaniyang posisyon sa kompanya. Dito naipakikita ang ugnayan ng birtud at pagpapahalaga ni RJ sa trabaho at pagkamit na iangat ang kaniyang kabuhayan gamit ang pagtatrabaho sa kompanya.


Totoo din ito sa iba pang pagpapahalagang nais nating taglayin at isabuhay, kasabay nito ang paglinang ng ating mabuting gawi upang patuloy itong mapahalagahan. Sa ganitong paraan, nagkakaugnay ang pagpapahalaga at birtud na siyang tiyak mong sandata upang maging kapaki-pakinabang sa ating lipunang kinabibilangan

**Gawain: Tala-Suri!**

**Panuto**: Gumawa ng listahan ng mga itinuturing mong mahalaga batay sa mga mabubuting gawi. Sundan ang mga hakbang sa ibaba. Itala ito sa ilustrasyong nasa kasunod na pahina. Gawin ito sa iyong sagutang-papel.


1. Itala ang lahat ng mga bagay na mahalaga sa iyo bilang nagdadalaga o nagbibinata batay sa moral na pagpapahalaga.
2. Mula sa mga itinala, pumili ka ng sampu.
3. Mula sa sampu, pumili ka ng limang pinakamahalaga.

4. Tukuyin ang aspekto na nais mong bigyan ng pokus sa iyong itinala na mahalaga sa iyo.
5. Isulat ang natuklasan sa resulta ng gawain sa iyong kuwaderno.



Ang bawat bagay na iyong naitala sa loob ng kahon ay nagbibigay ng kalayaan sa iyo na pumili ng mga angkop na pamamaraan o hakbang kung paano mabibigyang-katuwiran ang lahat ng pagpapasiyang iyong nagawa at gagawin pa lamang, at ang bawat sitwasyon ding ito ay nagbibigay ng oportunidad na mas mapataas mo pa ang antas ng iyong pagpapahalaga.

Bawat tao ay nilikhang mabuti ng Panginoon, lagi mo itong pakatatandaan. Nakalilikha lamang tayo ng mga kasalanan at maling pagdedesisyon sa buhay dahilan na rin sa mga mali o mababang uri ng pinahahalagahan sa ating buhay. Samakatuwid, ang pagsasabuhay ng tamang gawi at pagpapahalaga ang siyang unang hakbang sa paglinang mo ng iyong birtud bilang isang mabuting nagdadalaga at nagbibinata



## *Pagyamanin*

**SA AKING PANANAW**

**Panuto:** Sumulat ng maikling BUKAS NA LIHAM sa kapuwa mo kabataan kung paano maisasabuhay nang wasto at tama ang birtud na siyang magiging batayan ng pagpapahalaga sa buhay bilang nagbibinata at nagdadalaga. Magbigay ng kongkretong halimbawa ng mga bagay na dapat ipakita mo bilang isang mabuting kabataan. Isulat ito nang maayos at malinis sa iyong sagutang-papel.

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

Matapos mong sumulat ng isang Bukas na Liham, tanungin ang mga kamag-anak o maging iyong mga kamag-aral tungkol sa iba pang tamang gawi na posibleng maipakita bilang nagdadalaga at nagbibinata. Tiyaking makapagbibigay sila ng paliwanag kung bakit ito kanilang isinama.

1. ______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

2. ______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

3. ______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________



# *Isaisip*

**GAWAIN 1: PUNUAN MO ANG IDEYA KO!**

**Panuto**: Punan ang kahon sa ibaba at sagutan ang hinihingi sa bawat pahayag o sitwasyon. Lagyan ng aksiyon o tugon ang bawat pahayag. Gawin ito sa iyong sagutang-papel.

| **PAMANTAYAN**<br>*Birtud/Virtue* na nais malinang o Pagbabagong Gagawin upang Maging tugma sa Pagpapahalaga | **AKSIYON KO! TUGON KO!!**<br>Paraan o Hakbang<br>ng Pagsasabuhay ng pagpapahalaga |
|---|---|
| Matiwasay na pakikipag-ugnayan sa mga kapwa mag-aaral o kaklase | |
| Malapit na pakikipag-ugnayan sa Diyos | |
| Pakikibahagi sa komunidad na kinabibilangan | |
| Paggalang sa mga nakatatanda | |

**Gawain 2: PULOT KO!!GAWA KO!!**

**Panuto**: Ilahad at isulat sa iyong sagutang-papel ang mga nagawang pasiya na dapat mong ipakita bilang pagsasabuhay sa tamang gawi ng isang nagdadalaga at nagbibinata.

| **Mga nagawang Kilos o Pasiya** | **Tama ba ito o Mali?** | **Ano ang naging resulta?** | **Paano mo maitatama ito? (**kung sa iyong palagay ay mali ang unang naging sagot**)** |
|---|---|---|---|
| | | | |
| | | | |
| | | | |

Mga Pamprosesong Tanong:

1. Ano ang ang kinalabasan ng iyong kasagutan sa talahanayan? Mas madami ba ang iyong naging tama o maling pagkilos at pagpapasya.
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________

2. Ano ang naging resulta ng iyong ginawang pasya at kilos?
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________

3. Paano mo ngayon maipapakita ang tamang gawi bilang nagdadalaga at nagbibinata?
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________

4. Ano ang naging batayan mo sa pagtukoy ng iyong mga piling kilos at pasiya? Bigyang-patunay.
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________



# *Isagawa*

**Panuto**: Punan ang mga **BUBBLE MAP** na nasa ibaba at sagutan ang sumusunod na katanungan sa loob nito. Isulat ang sagot sa iyong sagutang-papel.

1. Ano ang tamang gawi na dapat ipakita bilang isang mabuting nagbibinata o nagdadalaga?

______________________
______________________
______________________

2. Paano mo isasabuhay ang mabuting gawi bilang nagdadalaga at nagbibinata?

______________________
______________________
______________________
_________

3. May kaugnayan ba ang paglinang ng birtud sa mga bagay na pinahahalagahan mo?

______________________
______________________
______________________
__________

4. Paano mo maipakikita ang patuloy na paglinang o pagsasabuhay sa iyong birtud?

______________________
______________________
______________________
__________



# *Pagtataya*

**Panuto**: Tukuyin kung ang bawat pahayag ay nagpapakita ng pagsasabuhay sa birtud. Ipaliwanag nang naaayon sa pagpapahalaga mo sa iyong buhay. Isulat ang sagot sa iyong sagutang-papel.

1. Pagsasabi ng kasinungalingan upang hindi makasakit ng kapuwa

2. Pagnanakaw upang mapakain ang nagugutom na pamilya


3. Pagkitil ng buhay upang ipagtanggol ang sarili buhat sa masasamang loob

4. Pagbibigay ng tulong sa kapuwa dahil may inaasahang kapalit

5. Pagsisimba sa nakatakdang araw ng pagsamba

### *Mga Tala para sa Guro*

Upang maisagawa nang maayos ang gagawing aralin o tatalakaying paksa, magbigay ng mga halimbawang halaw sa totoong pangyayari sa iyong buhay o sa iyong mga mag-aaral, linangin at hubugin nang maayos ang kaisipan ng mga mag-aaral.



## *Karagdagang Gawain*

**Panuto**: Sagutan natin ang sumusunod bilang dagdag na pag-unawa sa iyong paksang binasa. Isulat ang sagot sa iyong sagutang-papel.

1. Sa kasalukuyan, paano mo nagagamit ang iyong moral na pagpapahalaga at birtud upang mapaunlad mo ang iyong sarili bilang isang nagbibinata o nagdadalagang indibidwal?

   ______________________________________________________________

   ______________________________________________________________


   ______________________________________________________________

2. Masasabi mo bang paulit-ulit mong naisasabuhay ang mga mabuting gawi bilang nakaiimpluwensiya sa paghubog ng pagpapahalaga/birtud ng isang kabataan na gaya mo? Pangatwiran.

   ______________________________________________________________

   ______________________________________________________________

   ______________________________________________________________



## *Susi sa Pagwawasto*

| ***Subukin*** | ***Pagyamanin*** | ***Tayahin*** |
|---|---|---|
| 1. A<br>2. A<br>3. C<br>4. B<br>5. D<br>6. C<br>7. C<br>8. B | Ito ay ayon sa pagpapasya ng Gurong Tagapayo kung paano iwawasto ang sagot ng mga mag-aaral maaaring gumamit ng rubriks ang guro sa pagwawasto. | Ito ay ayon sa pagpapasya ng Gurong Tagapayo |

## *Sanggunian*


- Kagawaran ng Edukasyon, Edukasyon sa Pagpapakatao Gabay Kagamitan ng Mag-aaral (Ikalawang Bahagi) Lungsod ng Pasig, Pilipinas, 2012, pp. 5 - 17



**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph